FILIPINO **WEEK 3**

# Ang Haring Naging Tagapagsilbi

## NOTES

## WARM-UP

- Alalahanin ang pagkakataon na ikaw ay gumawa ng mga bagay na mahirap gawin upang tulungan ang ibang tao? Ano ang nangyari sa sitwasyong ito?
- Ano ang pinakamahirap na sakripisyo na nagawa ng isang kaibigan kamag-anak para sa iyo? Ano ang naging tugon mo sa kanyang ginawa?
- Paano mo nalalaman kung ang isang tao ay mapagpakumbaba? Alalahanin ang isang pagkakataon na magpapakita o magpapaliwanag nito.

## APPLICATION

- Sino si Jesus para sa iyo? Paano mo malalaman kung sino talaga Siya at magagawang pagkatiwalaan Siya nang buong puso?
- Paano mo maipapahayag ang iyong pasasalamat sa Diyos sa kung sino Siya at sa Kanyang mga nagawa para sa iyo, habang Siya ay iyong pinaglilingkuran araw-araw?
- Paano ka magiging isang halimbawa ng paglilingkod at pagsasakripisyo, itong linggo na ito, upang maibahagi mo sa ibang tao ang katotohanan ng Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pagmamahal at sakripisyo para sa iyo. Ipanalangin na ikaw ay laging maging mapagpasalamat sa lahat ng ginawa ni Jesus sa krus para sa iyo.
- Ipanalangin na lalo mo pang makilala ang Diyos at lalo ka pang lumago sa iyong relasyon sa Kanya araw-araw.
- Hilingin sa Diyos na ikaw ay bigyan ng pusong mapaglingkod upang iyong magawang mahalin ang ibang tao at unahin ang kanilang pangangailangan kaysa sa iyong sariling pangangailangan. Ipanalangin na magawa mong mahikayat ang mga tao na mapalapit sa Diyos.

VICTORY

© 2014 ng Victory®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.
Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

Ang pagkopya ng lathaing ito ay pinahihintulutan para sa lokal na simbahan. Hindi ito ipinagbebenta.
victory.org.ph

**WORD**

*[43]Huwag maging gayon sa inyo. Ang sinuman sa inyo ang magnanais na maging dakila ay magiging tagapaglingkod ninyo. [44]Ang sinuman sa inyo ang magnanais na maging una ay magiging alipin ng lahat. [45]Ito ay sapagkat maging ang Anak ng Tao ay pumarito hindi upang paglingkuran kundi maglingkod at ibigay ang kaniyang buhay bilang pantubos sa marami.* **MARCOS 10:43-45**

---

Si Jesus ang ipinangakong Hari at Messiah. Siya ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas, at ang Panginoon. Siya ang katuparan ng lahat ng mga propesiya patungkol sa pagtubos ng Diyos sa tao na ibinigay noong Lumang Tipan. Subalit, si Jesus ay hindi nagpunta sa lupa na dala ang Kanyang karangyaan at hindi Siya ipinanganak sa isang palasyo. Ang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon ay ipinanganak na isang sanggol, sa isang sabsaban, at pinili na maging tagapaglingkod at ibigay ang Kanyang buhay bilang pangtubos sa buhay ng marami.
Sa araling ito, ating tatalakayin kung sino si Jesus — ang Hari na nagsilbi, nag-alay ng Kanyang buhay, at nagligtas ng maraming tao.

## 1 Si Jesus ay ang Hari na nagsilbi.

*Sinabi ng Panginoon, "Narito ang lingkod ko na aking pinalalakas ang loob. Pinili ko siya at nagagalak ako sa kanya. Sumasakanya ang aking Espiritu, at papairalin niya ang katarungan sa mga bansa."* **ISAIAS 42:1**

Si Jesus ay pumunta sa lupa upang magsilbi sa atin. Siya ay nagpakumbaba at nag-alay ng Kanyang sarili para sa atin. Sinasabi sa Bibliya na tinanggal Niya ang Kanyang halaga bilang Hari at kinuha ang anyo ng isang alipin. Bakit mahirap isipin na ang isang hari ay kayang maging isang alipin? Paano namuno si Jesus sa paraang iba sa nakasanayan nating paraan ng pamumuno?

## 2 Si Jesus ang Hari na nagsakripisyo.

*[4]Ang totoo, tiniis niya ang mga sakit at mga kalungkutang dapat sana ay tayo ang dumanas. Ang akala natin ay pinarusahan siya ng Diyos dahil sa kanyang mga kasalanan. [5]Ang totoo, sinugatan siya dahil sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay sa atin sa magandang kalagayan. At dahil sa mga sugat niya ay gumaling tayo.* **ISAIAS 53:4,5**

Inialay ni Jesus ang Kanyang buhay at naging masunurin hanggang sa kamatayan sa krus — upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan. Dahil hindi natin kayang iligtas ang ating mga sarili at tayo ay nangangailangan ng Tagapagligtas, dumating si Jesus upang tuparin ang ipinangako ng Diyos. Siya ang kumuha ng parusang kamatayan na dapat sana ay para sa atin. Ito ang dahilan kung bakit tayo nagdiriwang ng Pasko. Batay sa mga talata sa Bibliya, bakit kinailangan na si Jesus ay masugatan at labis na masaktan? Ano ang kapalit ng paghihirap na ito para sa atin?

## 3 Si Jesus ang Hari na nagliligtas.

*[1]Ang Espiritu ng Panginoong Diyos ay nasa akin. Sapagkat hinirang niya akong mangaral ng magandang balita sa mga mahihirap. Sinugo niya ako para aliwin ang mga bagbag ang puso, at para ibalitasa mga bihag at mga bilanggo na sila'y malaya na. [2]Sinugo rin niya ako para ibalita na ngayon na ang panahon na ililigtas ng Panginoon ang kaniyang mga mamamayan at parurusahan ang kanilang mga kaaway.*
**ISAIAS 61: 1,2**

Si Jesus ay dumating upang tayo ay iligtas at upang gawin ang bagay na hindi natin kayang gawin para sa ating mga sarili. Iniligtas Niya tayo sa ating mga kasalanan at Kanyang inihayag ang katuparan ng propesiya sa Lukas 4:18-21. Paano mo nagawang intindihin at tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas?